



Australian Government

Department of Home Affairs

Magsisimula ang biyaheng quarantine free sa pagitan ng Australia at New Zealand ng 21:59 AEST sa Abril 18, 2021. Ang **lahat ng biyaherong** nasa Australia o New Zealand sa 14 na araw ay maaari na ngayong bumiyahe sa himpapawid sa pagitan ng Australia at New Zealand nang quarantine free, nang hindi kinakailangang mag-apply para sa pagbubukod ng pagbiyahe.

Kasama dito ang mga biyaherong ginugol ang buong 14 na araw sa bansang nasa ligtas na travel zone, o mga taong bumiyahe sa pagitan ng dalawang mga bansa at bumabalik sa loob ng 14 araw na panahon.

Puwedeng gamitin ng lahat ng taong nakatira sa Australia o New Zealand (kasama ang mga dayuhan) ang biyahe na quarantine free, hangga't natutugunan nila ang mga kinakailangan para sa pahintulot sa kalusugan, imigrasyon at iba pang pangunahing pahintulot sa hanggananan ng bawat bansa.

Kailangang siguruhin ng lahat ng biyahero ang kaayusan sa lugar sa lugar ng kanilang pagdating at sa lugar kung saan sila huling pupunta dahil maaaring ilapat ang pag-quarantine sa ilang kalagayan.

Makikita ang mga iniaatas ng New Zealand para sa kalusugan at imigrasyon sa kanilang website: [Mga iniaatas ng New Zealand para sa pagbiyahe na quarantine free](#)

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang Departamento ng Kalusugan ng Australia: [Payo para sa mga biyahero kaugnay ng Coronavirus \(COVID-19\)](#)

**Tandaan:** Ang anumang pagbabago sa sitwasyon ng COVID-19 sa Australia at New Zealand ay maaaring humantong sa pansamantalang pagpapatigil o pagsuspende ng mga kaayusan sa malayang pagbiyahe nang walang abiso. Responsibilidad mong pangasiwaan ang anumang abala sa iyong mga plano sa biyahe, kasama ang posibleng pagkaantala ng pagbalik mo sa Australia.

## Mga mamamayan ng New Zealand na nasa labas ng New Zealand

**Hindi** nailalapat ang biyahe na quarantine free sa mga mamamayan ng New Zealand na nasa labas ng New Zealand o wala sa New Zealand sa nakalipas na 14 na araw bago ang ipinanukalang pagbiyahe sa Australia

## Mga lugar na may outbreak ng COVID-19

Tingnan ang [pahina ng Deklarasyon ng Pagbiyahe sa Australia](#) para sa listahan ng mga ikinababahalang lugar sa New Zealand. Kung nanggaling ka sa alinman sa mga lugar na ito sa loob ng binanggit na mga panahon, kakailanganin mo itong sabihin sa iyong Deklarasyon ng Pagbiyahe sa Australia.

## Pagbiyahe mula New Zealand papuntang Australia nang quarantine free

Bago ka bumiyaha papuntang Australia, dapat mong kumpletuhin ang [Deklarasyon ng Pagbiyahe sa Australia](#) nang hindi bababa sa 72 oras bago ang iyong pag-alis papuntang Australia.

Kinokolekta ng Deklarasyon ng Pagbiyahe sa Australia ang iyong mga detalye sa pakikipag-ugnayan sa Australia, mga detalye ng flight, mga kailangan sa pag-quarantine at ang lagay ng iyong kalusugan.

Tinutulungan ng impormasyong ito ang Gobyerno ng Australia na matukoy ang mga pagsasaayos ng iyong pag-quarantine (kung kailangan) at pinapayagan din ang mga kaugnay na departamento ng kalusugan na makipag-ugnayan sa iyo kung may isang tao na nakasama mong nagbiyahe ang nasuring positibo sa COVID-19.

Kung darating ka sa Australia sakay ng **eroplano**, at alinman sa nasa Australia o New Zealand ka sa loob ng 14 na araw o higit pa bago ka bumiyaha, **hindi** mo na kailangang mag-apply para sa [pagbubukod](#) sa mga paghihigpit sa pagbiyahe ng Australia. Awtomatiko ka nang may eksemsiyon.

Hindi mo kailangang maging mamamayan ng New Zealand para makabiyaha papuntang Australia mula sa New Zealand nang quarantine free kung natutugunan mo ang pamantayan sa itaas, pero **kakailanganin mo ng wastong visa** para makapasok sa Australia. Hindi kailangang mag-apply para sa visa ang mga mamamayan ng New Zealand bago pumunta sa Australia. Kung kwalipikado, bibigyan sila ng Special Category na visa (subclass 444) (SCV) pagdating nila.

Kakailanganin mo lang mag-apply para sa pagbubukod sa pagbiyahe bago ka bumiyaha papuntang Australia kung:

- Nasa Australia o New Zealand ka ng mas mababa sa 14 araw bago ang plano mong departure (kasama ang mga biyaherong dumadaan sa New Zealand), o
- layunin mong bumiyaha sakay ng barko papuntang Australia.

## Pagbiyahe mula Australia papuntang New Zealand nang quarantine free

Hindi mo kailangang maging mamamayan o permanenteng residente ng Australia para makabiyaha papuntang New Zealand mula sa Australia nang quarantine free kung

natutugunan mo ang pamantayan sa itaas. Gayunman dapat mong matugunan ang mga paunang kondisyon sa kalusugan ng [Gobyerno ng New Zealand](#), at ang lahat ng pangunahing kinakailangan sa imigrasyon, customs at biosecurity para sa pagpasok ay ilalapat.

## Pagbiyahe mula Australia papuntang New Zealand: mga kinakailangan ng pagbubukod sa pagbiyahe

Kung naglalakbay ka nang direkta sa New Zealand at napunta ka lamang sa alinman sa Australia o New Zealand sa loob ng 14 na araw ng kalendaryo kaagad bago ang petsa ng iyong departure, **hindi** mo kailangang mag-aplay para sa pagbubukod sa mga paghihigpit sa paglalakbay ng Australia \*. Awtomatiko ka nang may eksemisyon.

**\*Kakailanganing** mag-apply ng mga mamamayan at permanenteng residente ng Australia para sa pagbubukod sa palabas na pagbiyahe bago bumiyaha papuntang New Zealand kung:

- **nag-book ka ng biyahe mula sa** ng New Zealand papunta sa iba pang lugar sa ibang bansa.

Dapat malaman ng mga bumibiyaha mula sa New Zealand papunta sa iba pang internasyonal na destinasyon na malamang na magiging mahirap ang pagbalik sa Australia o New Zealand dahil sa kasalukuyang mga paghihigpit sa mga bilang ng pasahero at ang limitadong flight na available.

Ang mga nagbabalak na bumiyaha mula sa New Zealand papunta sa iba pang internasyonal na destinasyon at pagkatapos ay babalik sa Australia ay kakailanganing:

- magpakita ng negatibong resulta ng pagsusuri sa COVID-19 na isinagawa sa loob ng hanggang 72 oras bago ang departure sa Australia
- sumailalim sa 14 na araw na sapilitang pag-quarantine sa hotel pagdating nila sa sarili nilang gastos, at
- regular na susuriin habang sumasailalim sa sapilitang pag-quarantine.

Ang mga panganib na maaaring idulot ng pagbiyahe sa ibang bansa sa ngayon, kasama ang posibleng abala sa pagbabalik sa Australia at mula sa COVID-19 sa maraming mga bansa, ay nananatiling mataas.

## Pagdaan sa Australia papuntang New Zealand

Ang mga biyaherong nagbabalak na dumaan sa Australia ay dapat na makakuha ng tiket papasok ng bansang nasa red zone para sa flight na aalis ng Australia sa loob ng hindi lalampas sa 72 oras bago ang unang pagpasok. **Kung walang naaangkop na nagkokonektang red zone na flight, hindi magiging posible ang pagdaan sa Australia.** Matatagpuan ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagdaan sa Australia sa webpage ng [Pagdaan sa Australia](#).

# Pagdating sa Australia

Ginawa ang green at red zone sa mga paliparan sa Australia para tiyakin ang paghihiwalay ng mga pasaherong dumarating na sakay ng mga flight na quarantine free mula sa iba pang mga pasahero na kailangang sumailalim sa 14 araw ng sapilitang pag-quarantine.

Kung bumiyahe ka sakay ng flight na quarantine free, gagabayan ka papunta sa green zone para kumpletuhin ang lahat ng proseso ng pahintulot sa hangganan sa paliparan kung saan ka dumating sa Australia.

Para sa karagdagang impormasyon para sa mga biyaherong darating mula sa mga flight na quarantine free, tingnan ang [website ng Departamento ng Kalusugan](#).